
# LAGO 1 LESSONS




"Datapuwat magsiLAGO kayo sa biyaya at sa pagkilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo."

- 2 Peter 3:18

ALPHA OMEGA LEADERSHIP INSTITUTE (AOLI)

facebook.com/CAOCMI
caocminational@gmail.com
(+3646) 412 2450

CAOCMI AOLI

*Inihahandog ng* ***Church of Alpha Omega Christian Ministries, Inc. CAOCMI,***
*ng* ***Alpha Omega Leadership Institute AOLI,***
*at ng* ***Training & Dev't Ministry*** *ang Regalong Ito*
Para Kay:_________________________________

| MGA ARALIN | PETSA: | PIRMA: |
|---|---|---|
| *Aralin 1: Jesus: 100% Diyos, 100% Tao* | __________ | __________ |
| *Aralin 2: Si Jesus ang Anak ng Diyos* | __________ | __________ |
| *Aralin 3: Si Jesus na Tagapagligtas* | __________ | __________ |
| *Aralin 4: Si Jesus at Kanyang mga Himala* | __________ | __________ |
| *Aralin 5: Ang Habag ni Jesus* | __________ | __________ |
| *Aralin 6: Si Jesus na Nagpapagaling* | __________ | __________ |
| *Aralin 7: Ang Pasyon ni Jesus* | __________ | __________ |
| *Aralin 8: Ang Pitong Huling Salita ni Jesus* | __________ | __________ |
| *Aralin 9: Ang Resureksyon ni Jesus* | __________ | __________ |
| *Aralin 10: Ang Asensyon ni Jesus* | __________ | __________ |

# PANIMULA

**Binabati Kita!** Kumusta naman ang iyong paglalakbay mula sa **SIBOL**? Kwentuhan mo kami ng mga karanasan kung paanong ang mga itinanim ng Diyos sa iyong puso ay nagsimulang sumibol. Ang Panginoon ay patuloy na gumagawa sa iyong buhay, at ngayon ay dadalhin ka Niya sa panibagong yugto—ang **LAGO**.

Sabi nga sa **2 Pedro 3:18**, *"Datapuwa't magsi**lago** kayo sa biyaya, at sa **pagkakilala** sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo. Sa Kaniya ang kaluwalhatian ngayon at hanggang sa araw ng walang hanggan. Amen."* Ibig sabihin, hindi lamang tayo tinawag na sumibol, kundi tayo'y tinawag ding lumago sa biyaya at sa mas malalim na pagkakilala kay Kristo.

Kung paanong ang isang halaman ay hindi tumitigil sa paglaki hangga't may araw, tubig, at lupa, gayon din ang iyong espirituwal na buhay—patuloy na pinapalago ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita at presensya. Kaya't maghanda ka sa mga susunod na aralin, sapagkat ito'y magdadala sa iyo ng mas matibay na ugat at mas mayabong na mga dahon.

Samahan mo ako sa isang munting panalangin: *"Panginoong Jesus, salamat po sa biyaya ng paglago na ibinibigay Ninyo sa akin. Hinihiling ko na patuloy Ninyo akong palakasin, turuan, at hubugin upang mas makilala ko Kayo at lumago sa pananampalataya. Buksan Ninyo ang aking puso at isipan upang ang lahat ng aralin sa aklat na ito ay maging gabay sa aking espirituwal na paglalakbay. Sa Inyo ang lahat ng kaluwalhatian, ngayon at magpakailanman. Amen."*

Ang sumusunod ay ang mga minimum requirements ng isang mag-aaral upang makapagtapos ng ***LAGO 1***:

- Devotional Life
- Cell Group Attendance
- Sunday Service/Celebration Attendance
- 1 Invitee in any fellowship gathering
- Complete LAGO 1 Lessons





## ARALIN 1: JESUS: 100% DIYOS, 100% TAO

Si Jesus ay hindi lamang isang dakilang guro o propeta—Siya ay tunay na Diyos na nagkatawang-tao. Sa Kanyang pagiging 100% Diyos, ipinapakita Niya ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Ama; sa Kanyang pagiging 100% Tao, ipinapakita Niya ang Kanyang pag-ibig at pakikiramay sa atin. Ang misteryong ito ay pundasyon ng ating pananampalataya, sapagkat sa pamamagitan ng Kanyang pagka-Diyos at pagkatao, natamo natin ang kaligtasan. Ang araling ito ay magbibigay sa atin ng mas malalim na pag-unawa kung sino si Jesus.

### ENGAGE:

1. Mag research! Sa tulong ng etymology, hanapin ang ibig sabihin ng salitang "hypo": ________________________________________
2. Ano naman ang etymology ng salitang "static": ________________________________________
3. Ano naman ang ibig sabihin ng salitang "hypostatic union"? ________________________________________

### ENLIGHTEN:

Si Jesus ay hindi tao lamang o Diyos lamang. Hindi rin sya kalahating Diyos at kalahating tao. Si Jesus ay 100% na Diyos at 100% na tao. Ang tawag dito ay "hypostatic union" o ang perpektong pagsasama ng mga persona sa iisang pagkatao o hypostasis. Naririto ang mga patunay na siya ay isang tunay na tao at Diyos:

1. **Si Jesus ay 100% tao:**
   a. *Ang Salita ay nagkatawang-tao*: Juan 1:14 – Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang

kaluwalhatiang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Siya ay puspos ng kagandahang-loob at ng katotohanan.

b. *Ang katawang lupa Niya ay lumaki:* Lucas 2:40, 52 - Ang bata'y lumaking malusog, puspos ng karunungan, at kalugud-lugod sa Diyos. Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong nagging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.
c. *Si ay nagutom*: Mateo 4:2 – Siya'y nag-ayuno s aloob ng apatnapung araw at apatnapung gabi kaya't isya'y nagutom.
d. *Siya ay nauhaw*: John19:28 – Kaya't upang matupad ang kasulatan ay sinabi niya, "Nauuhaw ako!"
e. *Siya ay napagod*: Juan 4:6 – Dito matatagpuan ang balon ni Jacob. Dahil napagod si Jesus sa paglalakbay,
f. *Siya ay may pagkatuto*: Lucas 2:46-47 – Pagkalipas ng tatlong araw, si Jesus ay natagpuan nila sa loob ng Templo. Siya'y nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya at nagtatanong sa kanila, at ang lahat ng nakakarinig sa kanya ay hangang-hanga sa kanyang pang-unawa at mga sagot.
g. *Siya ay nangatwiran*: Lucas 20:3-4 – Sumagot si Jesus, "Tatanungin ko muna kayo. Sabihin ninyo sa akin kung kanino galing ang karapatan ni Juan na magbautismo, sa Diyos ba o sa tao?"
h. *Siya ay may pakiramdam*: Juan 11:35, Mateo 26:38 – Tumangis si Jesus.
i. *Siya ay may kaluluwa at espiritung nananalangin*: Lucas 22:41-42 – Iniwan niya sila at pumunta sa di-kalayuan, at doo'y lumuhod at nanalangin. Sabi niya, "Ama, kung loloobin mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito, ngunit huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo."
j. *Siya ay sumasamba't nagpupuri*: Lucas 4:16 – Pumunta si Jesus sa Nazaret, ang bayan kung saan siya lumaki. Gaya ng kanyang nakaugalian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumayo siya upang bumasa ng kasulatan,
k. *Siya ay masunurin*: Hebreo 5:8 – Kahit na siya'y Anak ng Diyos, natutunan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis.
l. *Siya ay tinukso rin*: Hebreo 4:15 - 5 Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala.

2. **Si Jesus ay 100% Diyos:** (Ang tatlong bahagi ng pagka-Diyos ni Jesus)
   a. *Nangyari ang mga propesiya patungkol sa isang Mesiyas o Tagapagligtas*
      i. Siya ay ipinanganak ng isang birhen – Isayas 7:14, Mateo 1:18-23
      ii. Siya ay ipinanganak sa Bethlehem – Micah 5:2, Mateo 2:1-6
      iii. Siya ay nagmula sa tribo ng Judah – Genesis 49:10, Lucas 3:23-33
      iv. Siya ay galing sa lipi ni David – 2 Samuel 7:12-13, Mateo 1:1
      v. Siya ay tatawaging Immanuel – Isayas 7:14, Mateo 1:23
      vi. Siya ay itataguring isang propeta – Deuteronomio 18:15, Acts 3:22-23
      vii. Siya ay magiging isang pari tulad ni Melchizedek – Mga Awit 110:4, Hebreo 5:5-6
      viii. Siya ay magiging hari – Mga Awit 2:6-7, Lucas 1:32-33
      ix. Siya ay itatakwil ng sariling kababayan – Isayas 53:3, Juan 1:11
      x. Siya ay ipagkakanulo ng isang kaibigan – Mga Awit 41:9, Mateo 26: 47-50
      xi. Siya ay ipagkakanulo sa halagang 30 pilak – Zachariah 11:12-13, Mateo 27:3-10
      xii. Siya ay mananahimik sa harap ng mga nang-aakusa sa kanya – Isayas 53:7, Mateo 27:12-14
      xiii. Siya ay tutusukin – Zechariah 12:10, Juan 19:34
      xiv. Siya ay ipapako – Mga Awit 22:16, Juan 19:18
      xv. Siya ay ililibing sa libingan ng mayaman – Isayas 53:9, Mateo 27:57-60
      xvi. Siya ay mabubuhay na muli – Mga Awit 16:10, Mga Gawa 2:31-31

b. *Nangyari ang mga himala*

i. Nagpagaling ng mga may sakit – Mateo 3:23-24
ii. Bumuhay ng patay – Juan 11:43-44
iii. Pinayapa ang bagyo – Marcos 4:39-41
iv. Nagpakain ng mga gutom – Mateo 14:19-21
v. Lumakad sa tubig – Mateo 14:225-26
vi. Nagpalayas ng mga demonyo – Marcos 1:23-26
vii. Hulaan ang sariling kamatayan at muling pagkabuhay – Marcos 8:31, 9:31, 10:33-34
viii. Ang mamatay at muling mabuhay – Marcos 15:37-39, 16:6-7

c. *Sinabi Nya na Sya ang Diyos*

i. "Bago ipinanganak si Abraham, Ako nga" - Exodo3:14, Juan 8:58
ii. "Ako at ang Ama ay iisa" – Juan 10:30 ngunit hindi naniwala ang mga tao – Juan 10:33
iii. Tumanggap Siya ng papuri mula sa mga disipulo – Juan 20:28, at sa iba – Mateo 14:33, 28:9
iv. Nagpatawad ng mga kasalanan – Marcos 2:5-7
v. Siya ang may kapangyarihan sa Sabbath – Marcos 2:28
vi. Siya rin ang may kapangyarihan sa batas – Mateo 5:17-29
vii. Siya rin ang may kapangyarihan sa mga anghel – Mateo 25:31-32
viii. Sinabi Nyang huhusgahan nya ang mundo – Juan 5:22-23
ix. Sinabi Niyang magbibigay Siya ng buhay na walang hanggan – Juan 10:27-28

Si Jesus ay totoong taong nabuhay at lumakad sa mundong ibabaw. Siya ay na-experience ng mga tao. Maraming accounts patungkol sa Kanya, kahit sa Qur-an ay nandun Sya. Isa Syang pambihirang nilalang dahil Siya lamang ang kaisa-isang taong nagpakita ng katuparan ng lahat (100%) ng mga propesiya patungkol sa Kanya. Wala pang nakagagawa nito sa buong kasaysayan.

**ENACT:**

Mag-interview ng limang tao, alamin kung sila ba ay naniniwala na si Jesus ay tao o Diyos o pareho. Alamin ang kanilang mga kadahilanan sa paniniwalang napili.

| Pangalan | Tao | Diyos | Tao at Diyos |
|---|---|---|---|
| Juan de la Cruz (Katoliko) | | Hindi kayang gawin ng isang tao lamang ang kanyang mga nagawa | |
| Pedro Bautista (Iglesia ni Kristo) | Dahil iyon ang itinuturo sa aming simbahan | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

PRAYER:

*Panginoong Jesus, salamat po dahil Ikaw ay tunay na Diyos na nagkatawang-tao upang iligtas kami. Sa Iyong pagka-Diyos, ipinakita Mo ang kapangyarihan at kabanalan ng Ama. Sa Iyong pagkatao, ipinakita Mo ang Iyong pag-ibig at pakikiramay sa aming kahinaan. Tunay na kamangha-mangha ang misteryo ng Iyong pagkatao at pagka-Diyos na nagkakaisa sa Iyo. Turuan Mo kaming mas lalo Kang makilala at sambahin bilang aming Tagapagligtas. Palakasin Mo ang aming pananampalataya upang kami'y lumago sa Iyong biyaya. Gabayan Mo kami sa bawat hakbang ng aming buhay upang maging karapat-dapat sa Iyong tawag. Nawa'y ang aming puso at isip ay laging nakatuon sa Iyo. Sa Iyo ang lahat ng kaluwalhatian, karangalan, at kapurihan magpakailanman. Amen.*





## ARALIN 2: SI JESUS ANG ANAK NG DIYOS

Alam mo ba nang si Saulo ay maging Pablo at sinimulan niya ang pagpapalaganap ng pananapalataya kay Jesus, isang istratehiya ang ang kanyang ginamit? Hindi siya nagpokus sa pagtatanggol kay Jesus dahil mas kilala ng mga Hudyo na si Jesus ay criminal na pinako sa krus. Nagsimula si Pablo sa pagpapakilala kay Jesus bilang anak ng Diyos. Bakit kaya ito ay ginamit niyang paraan upang hikayatin ang mga Hudyong manampalataya kay Jesus?

### ENGAGE:

Bilang ikaw ay anak ng iyong mga magulang, ano ang mga karakter at katangian ang namana mo sa iyong ina o ama. Buuin ang talaan sa ibaba:

| **Talaan ng mga Karakter o Katangian na Namana sa mga Magulang** | |
|---|---|
| **Namana kay Nanay** | **Namana kay Tatay** |
| | |
| | |
| | |
| | |

Maging handa na i-share ito sa mga kaklase.

### ENLIGHTEN:

Kapag tinatawag natin si Jesus na Anak ng Diyos, ang ibig nating sabihin ay Siya ay may parehong kalikasan gaya ng Diyos. Ang mga ama ay **lumilikha** ng mga bagay na hindi katulad nila, ngunit sila ay **nag-aanak ng mga anak na katulad nila**. Ganito ang paliwanag ni C. S. Lewis:

*Kapag ikaw ay nag-aanak, nag-aanak ka ng isang bagay na kapareho mo. Ang tao ay nag-aanak ng sanggol na tao, ang beaver ay nag-aanak ng maliliit na beaver, at ang ibon ay nag-aanak ng mga itlog na nagiging*

*maliliit na ibon. Ngunit kapag ikaw ay gumagawa (o lumilikha), gumagawa ka ng isang bagay na naiiba sa iyo. Ang ibon ay gumagawa ng pugad, ang beaver ay gumagawa ng dam, at ang tao ay gumagawa ng radyo (o kompyuter).*

Kaya kapag sinasabi natin na si Jesus ay Anak ng Diyos, ang ibig nating sabihin ay ipinanganak ng Diyos ang Kanyang Anak sa mismong banal na kalikasan Niya, walang kulang, mula pa sa walang hanggan. Ang "pag-aanak" ay isang talinghaga, isang larawan, na nagsisikap ipakita ang dalawang katotohanan:

1. **Ang Diyos Ama ay hindi ang Diyos Anak**, at ang Diyos Anak ay hindi ang Diyos Ama; sila ay magkaibang persona, magkaibang sentro ng kamalayan, at maaaring makipag-ugnayan sa isa't isa.
2. **Ngunit ang Ama at ang Anak ay iisang Diyos**, hindi dalawang Diyos, iisang diwa, iisang banal na kalikasan. Mula pa sa walang hanggan, nang walang simula, ang Ama ay palaging may ganap na larawan ng Kanyang sarili at banal na repleksyon o liwanag na kapantay Niya—ang Anak.

Kaya ang unang ibig nating sabihin kapag sinasabi natin, *"Si Jesus ay Anak ng Diyos,"* ay Siya ay Diyos.

Ngunit itanong natin kung bakit napakahalaga nito para kay Saul at kay Lucas na inilagay nila ito sa pinaka-umpisa ng ministeryo. Ang unang ipinahayag ni Saul ay: *"Si Jesus ay Anak ng Diyos."* Bakit?

Isaalang-alang ang apat na katotohanan tungkol sa Anak ng Diyos at tingnan kung hindi karapat-dapat na mauna ang katotohanan ng pagka-Anak ni Jesus.

1. **1 Juan 5:12**: *"Ibinigay sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. Ang sinumang may Anak ay may buhay; ang sinumang walang Anak ng Diyos ay walang buhay."*
2. **1 Juan 2:23**: *"Walang sinumang tumatanggi sa Anak ang may Ama. Ang kumikilala sa Anak ay may Ama rin."* Kaya upang magkaroon ng relasyon sa Diyos Ama at magkaroon ng buhay na walang hanggan, kailangan mong ipahayag si Jesus bilang Anak ng Diyos at "taglayin" Siya bilang Anak ng Diyos—ibig sabihin, makipag-ugnayan sa Kanya (1:3; 1 Corinto 1:9).
3. **Galacia 4:4–5**: *"Ngunit nang dumating ang ganap na panahon, sinugo ng Diyos ang Kanyang Anak… upang tubusin ang mga nasa ilalim ng kautusan, upang tayo'y tumanggap ng pagkukupkop bilang mga anak."* Sinugo ng Ama ang Kanyang kaisa-isang banal na Anak upang magkaroon Siya ng maraming anak sa pamamagitan ng pagkukupkop. *"Tayo'y napagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak"* (Roma 5:10).
4. **Galacia 2:20**: *"Namumuhay tayo sa pananampalataya sa Anak ng Diyos na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin."*

Kaya't ang pagdating at pagkamatay ng Anak ang nagbigay sa atin ng kaloob ng pagkukupkop. Kung ipahahayag mo ang Anak, taglay mo rin ang Ama—bilang Ama. At kung taglay mo ang Anak at ang Ama, taglay mo ang buhay na walang hanggan. At hindi lamang sa darating na panahon, kundi ngayon din, ang Anak ng Diyos ay kumikilos para sa atin upang ang ating buhay ay mailarawan bilang pamumuhay sa pananampalataya sa Anak ng Diyos.

Kaya't hindi nakapagtataka na inilagay ni Pablo ang katotohanang ito sa pinaka-umpisa ng kanyang pangangaral: *"Si Jesus ay Anak ng Diyos."*

**ENACT:**

Gumawa ng isang *collage* na nagpapakita ng mga katangian at kalikasan na mayroon ang anak na si Jesus mula sa Diyos Ama. Maaring gumamit ng iba't ibang medium. Maaari ding gumamit ng digital na tool tulad ng *Canva*.

PRAYER:

*Panginoong Jesus, salamat po dahil Ikaw ay tunay na Anak ng Diyos na ipinadala upang iligtas kami. Salamat sa Iyong mga salita, mga himala, at higit sa lahat sa Iyong sakripisyo sa krus. Turuan Mo kaming mas lalo Kang makilala at ipamuhay ang aming pananampalataya. Nawa'y maging patotoo ang aming buhay na Ikaw nga ang Anak ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan. Sa Iyo ang lahat ng papuri at kaluwalhatian, magpakailanman. Amen."*



## ARALIN 3: SI JESUS NA TAGAPAGLIGTAS

Isipin mo ito: kung wala si Jesus, saan tayo pupunta? Walang kapatawaran, walang pag-asa, at tiyak ang kamatayan. Pero dumating Siya—hindi bilang isang ordinaryong tao, kundi bilang Mesiyas na ipinangako, Manunubos na nagbayad ng ating utang, at Tagapagligtas na nagbigay ng buhay na walang hanggan.

Hindi Siya tulad ng mga bayani sa pelikula na pansamantalang nagliligtas. Ang kaligtasan na dala Niya ay walang hanggan, mas malalim kaysa sa anumang problema, at mas makapangyarihan kaysa sa kamatayan. Kaya't sa lesson na ito, tuklasin natin ang pitong matitibay na dahilan kung bakit si Jesus lamang ang tunay na Tagapagligtas ng mga Kristiyano—at bakit Siya dapat maging sentro ng ating pananampalataya at pamumuhay.

### ENGAGE:

Pumili ng tatlong (3) kamag-aral at kapanayamin sila. Tanungin kung ano ang pakahulugan nila sa salitang TAGAPAGLIGTAS.

| Pangalan | Ang Tagapagligtas ay…. |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

## ENLIGHTEN:

Sa Bibliya, ang "Tagapagligtas" ay tumutukoy sa isang nagliligtas mula sa kasalanan, kapahamakan, at pagkahiwalay sa Diyos. Si Jesus lamang ang nakagawa nito sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Tulad ng sinabi sa **Lucas 2:11**: *"Ngayon sa Lunsod ni David ay ipinanganak sa inyo ang isang Tagapagligtas, na siya si Kristo na Panginoon."*

Narito ang pitong rason kung bakit si Jesus ang ating Tagapaglitas:

**1: Si Jesus ang Katuparan ng mga Propesiya (Messiah)**
- Sa Lumang Tipan, ipinangako ang isang Mesiyas na magliligtas sa bayan ng Diyos.
- Ang kapanganakan ni Jesus sa Betlehem, Kanyang ministeryo, at Kanyang kamatayan ay eksaktong tumugma sa mga propesiya (Isaias 53, Mikas 5:2).
- **Punto:** Si Jesus ang ipinangakong Mesiyas na matagal nang inaasahan.

**2: Si Jesus ang Manunubos mula sa Kasalanan**
- Ang "Manunubos" ay nagbabayad ng halaga upang palayain ang isang alipin.
- Sa krus, binayaran ni Jesus ang kabayaran ng ating kasalanan (Roma 3:24).
- **Punto:** Si Jesus ang nagpalaya sa atin mula sa pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan.

**3: Si Jesus ang Nagbibigay ng Kapatawaran at Pagkakasundo sa Diyos**
- Ang kasalanan ang naghiwalay sa tao at sa Diyos.
- Sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus, tayo ay napatawad at naibalik sa tamang relasyon sa Diyos (2 Corinto 5:18–19).
- **Punto:** Ang kapatawaran at pagkakasundo ay posible lamang kay Jesus.

**4: Si Jesus ang Nagtagumpay sa Kamatayan sa Pamamagitan ng Muling Pagkabuhay**
- Ang muling pagkabuhay ni Jesus ang patunay ng Kanyang kapangyarihan laban sa kasalanan at kamatayan (1 Corinto 15:3–4).
- Kung hindi Siya nabuhay muli, walang kabuluhan ang ating pananampalataya (1 Corinto 15:14).
- **Punto:** Ang muling pagkabuhay ang pundasyon ng ating pag-asa at kaligtasan.

**5: Si Jesus ang Nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan**
- **Juan 3:16** – *"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak…"*
- Ang kaligtasan ay hindi lamang kalayaan mula sa kasalanan, kundi tiyak na buhay na walang hanggan kasama ang Diyos.
- **Punto:** Ang buhay na walang hanggan ay kaloob ni Jesus sa lahat ng sumasampalataya.

**6: Si Jesus ang Nagpapakita ng Pag-ibig at Biyaya ng Diyos**
- Ang Kanyang sakripisyo ay patunay ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos (Galacia 2:20).
- Sa pamamagitan Niya, nakikita natin ang lalim ng habag at biyaya ng Diyos.
- **Punto:** Si Jesus ang buhay na larawan ng pag-ibig ng Diyos sa tao.

**7: Si Jesus ang Kaisa-isang Daan ng Kaligtasan**
- **Gawa 4:12** – *"Walang kaligtasan sa kaninuman… kundi kay Jesus lamang."*
- **Juan 14:6** – *"Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko."*
- **Punto:** Si Jesus lamang ang daan tungo sa Ama at sa kaligtasan.

## ENACT:

Gumawa ng acronym para sa pitong puntos o rason na ipinahayag sa aralin kanina. Maging handa na i-recite o i-share ito sa susunod na Linggo.
Halimbawa: si Jesus ang MR. FRELO (*mister frelo*)

**M** for Messiah
**R** for Redeemer
**F** for Forgiver
**R** for Resurrected
**E** for Eternal life-giver
**L** for Lover
**O** for the Only Way

PRAYER:

*Panginoong Jesus, salamat po dahil Ikaw ang ipinangakong Mesiyas, ang Manunubos na nagbigay ng Iyong buhay, at ang Tagapagligtas na nag-aalok ng buhay na walang hanggan. Salamat sa Iyong dugo na naglinis sa aming kasalanan at sa Iyong muling pagkabuhay na nagbigay ng pag-asa. Turuan Mo kaming ipamuhay ang aming pananampalataya at ipahayag ang Iyong kaligtasan sa iba. Nawa'y maging patotoo ang aming buhay na Ikaw lamang ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Sa Iyo ang lahat ng kaluwalhatian magpakailanman. Amen.*





## ARALIN 4: SI JESUS AT KANYANG MGA HIMALA

Kapag naririnig natin ang salitang *"himala"*, naiisip natin ang mga bagay na imposible sa tao ngunit posible sa Diyos. Ang mga himala ni Jesus ay hindi lamang mga kamangha-manghang pangyayari; ito ay mga tanda ng Kanyang pagka-Diyos, Kanyang habag, at Kanyang kapangyarihan na nagbabago ng buhay. Sa lesson na ito, sisilipin natin ang sampong himala ni Jesus at kung paano natin maisasabuhay ang mga aral mula rito sa ating pang-araw-araw na pagsubok.

### ENGAGE:

*"Walang himala! Ang himala ay nasa puso ng tao, nasa puso nating lahat! Tayo ang gumagawa ng mga himala!"* Iyan ang sabi ni Nora Aunor sa isa sa kanyang mga pelikula. Patunayan na hindi ito totoo sa pamamagitan ng paglalahad ng isang himalang ginawa ng Diyos sa buhay mo. Isulat ito sa kahon sa ibaba:

### ENLIGHTEN:

Narito ang sampong himala ni Jesus pati na ang espirituwal na kahulugan at mga praktikal na aplikasyon nito sa ating buhay.

**1. Pagbabago ng Tubig na Alak sa Cana (Juan 2:1–11)**

- **Himala:** Sa kasalan sa Cana, nang maubusan ng inumin, binago ni Jesus ang tubig upang maging alak.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Simbolo ng pagbabago—mula sa ordinaryo tungo sa masaganang kagalakan at pagpapala.
- **Aplikasyon:** Tulad ng pagbabagong ginawa Niya sa tubig, kaya rin Niyang magbigay ng bagong kahulugan at kagalakan sa ating buhay na tila walang saysay.

**2. Pagpapagaling sa Anak ng Pinuno ng Pamahalaan (Juan 4:46–54)**

- **Himala:** Sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita, pinagaling ni Jesus ang anak ng opisyal kahit hindi Siya pisikal na naroon.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Kapangyarihan ng pananampalataya sa salita ni Jesus kahit walang nakikitang ebidensya.
- **Aplikasyon:** Sa panahon na gusto natin ng patunay, tinuturuan tayo ng himalang ito na magtiwala sa pangako ng Diyos.

**3. Pagpapagaling sa Pilay sa Bethesda (Juan 5:1–15)**

- **Himala:** Pinagaling ni Jesus ang lalaking 38 taon nang pilay sa tabi ng lawa.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Pagbabalik ng dignidad at pag-asa sa mga nakalimutan at nawalan ng pag-asa.
- **Aplikasyon:** Hinahamon tayo nitong bumangon mula sa ating mga limitasyon—pisikal, emosyonal, o espirituwal—dahil kay Jesus may bagong simula.

**4. Pagpapakain sa 5,000 (Mateo 14:13–21; Juan 6:1–15)**

- **Himala:** Pinakain ni Jesus ang libu-libong tao gamit ang limang tinapay at dalawang isda.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Si Jesus ang "Tinapay ng Buhay" na nagbibigay ng tunay na kasiyahan.
- **Aplikasyon:** Kahit maliit ang ating maiaalok, kapag ibinigay kay Jesus, nagiging sagana at nakapagpapala sa marami.

**5. Paglalakad sa Tubig (Mateo 14:22–33)**

- **Himala:** Lumakad si Jesus sa ibabaw ng dagat upang lapitan ang Kanyang mga alagad sa gitna ng bagyo.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Kapangyarihan Niya laban sa takot at kaguluhan.
- **Aplikasyon:** Sa gitna ng unos ng buhay, dapat nakatuon ang ating mata kay Jesus, hindi sa problema.

**6. Pagpapagaling sa Lalaking Bulag Mula Pagkasilang (Juan 9:1–12)**

- **Himala:** Pinagaling ni Jesus ang lalaking bulag mula pagkasilang sa pamamagitan ng putik at paghuhugas sa Siloam.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Mula sa kadiliman tungo sa kaliwanagan—pisikal at espirituwal.
- **Aplikasyon:** Tinuturuan tayo nitong suriin ang ating "espirituwal na paningin"—nakikita ba natin ang liwanag ni Kristo o nananatiling bulag sa duda at pagmamataas?

**7. Pagbuhay kay Lazaro (Juan 11:1–44)**

- **Himala:** Binuhay ni Jesus si Lazaro matapos ang apat na araw sa libingan.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Patunay ng Kanyang kapangyarihan laban sa kamatayan at pahiwatig ng Kanyang sariling muling pagkabuhay.
- **Aplikasyon:** Nagbibigay ito ng pag-asa sa oras ng pagkawala—na ang kamatayan ay hindi wakas, kundi may buhay na walang hanggan kay Kristo.

**8. Pagpapatahimik ng Bagyo (Marcos 4:35–41)**

- **Himala:** Pinatigil ni Jesus ang malakas na hangin at alon habang Siya at ang mga alagad ay nasa bangka.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Si Jesus ay may kapangyarihan sa kalikasan at nagbibigay ng kapayapaan sa gitna ng kaguluhan. Ang Kanyang presensya ay sapat upang mapawi ang takot.
- **Aplikasyon:** Kapag magulo ang ating buhay—problema sa pamilya, trabaho, o kalusugan—si Jesus ang nagbibigay ng kapayapaan. Ang pagtitiwala sa Kanya ay nagdadala ng katahimikan kahit sa gitna ng unos.

**9. Pagpapagaling sa Ketongin (Marcos 1:40–45)**

- **Himala:** Lumapit ang isang ketongin kay Jesus at nagsabi, *"Kung ibig Mo, maaari Mo akong linisin."* Naantig si Jesus, hinipo siya, at agad siyang gumaling sa kanyang ketong.
- **Espirituwal na Kahulugan**: Ipinapakita ng himalang ito ang habag ni Jesus at ang Kanyang kapangyarihan na maglinis ng anumang karumihan. Ang ketong ay larawan ng kasalanan—nakakahawa, nakahiwalay, at nakasisira. Ngunit kay Jesus, walang kasalanan o karumihan na hindi kayang linisin.
- **Aplikasyon:** Sa ating kahinaan at kasalanan, si Jesus ang nagpapatawad at naglilinis. Kapag nararamdaman nating hiwalay o

marumi dahil sa ating mga pagkakamali, maaari tayong lumapit sa Kanya nang may pananampalataya. Ang habag Niya ay handang magbigay ng bagong simula at kalinisan sa ating buhay.

**10. Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus (Mateo 28:1–10; Juan 20:1–18)**

- **Himala:** Nabuhay muli si Jesus matapos ang tatlong araw sa libingan, patunay ng Kanyang kapangyarihan laban sa kamatayan.
- **Espirituwal na Kahulugan:** Ito ang pinakamahalagang himala—nagpapatunay na si Jesus ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas. Nagbibigay ito ng katiyakan ng buhay na walang hanggan.
- **Aplikasyon:** Sa oras ng panghihina o pagkawala ng pag-asa, ang muling pagkabuhay ni Jesus ang ating lakas. Nagpapaalala ito na ang kamatayan ay hindi wakas, at may bagong buhay na naghihintay sa lahat ng sumasampalataya.

Ang sampong himala ni Jesus ay magkakaugnay na tanda ng Kanyang misyon: kapangyarihan laban sa kalikasan, sakit, kasalanan, at kamatayan. Ipinapakita rin nito ang Kanyang habag sa nagugutom, naghihirap, itinakwil, at nagdadalamhati. Ang mga himalang ito ay larawan ng ganap na ministeryo ni Kristo at ng kabuuang kaligtasan na iniaalok Niya sa sangkatauhan.

**ENACT:**

Sa pamamagitan ng table sa ibaba ay isulat ang mga pamamaraan kung paanong sa tunay na buhay ay i-aapply mo ang mga prinsipyo ng himala ni Jesus sa iyong mga sitwasyon o suliranin. Pumili ng hindi bababa sa tatlong himala.

| Himala | Application sa Buhay |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



PRAYER:

*Panginoong Jesus, salamat po sa Iyong mga himala na nagpapatunay ng Iyong kapangyarihan at pag-ibig. Turuan Mo kaming makita ang mga aral sa bawat himala at ipamuhay ito sa aming pang-araw-araw na pagsubok. Palakasin Mo ang aming pananampalataya, linisin ang aming puso, at bigyan kami ng tapang na sumunod sa Iyo. Nawa'y maging buhay naming patotoo na Ikaw ang Diyos ng himala. Amen.*

## ARALIN 5: ANG HABAG NI JESUS

Ang konsepto ng "habag" ay isa sa mga sentro ng paniniwala nating mga Kristyano. Malimit ang habag o awa (mercy) ay naipagpapalit sa salitang grasya o biyaya (grace). May pagkakahawig man ang dalawang konsepto na ito na tumutukoy sa mga kabutihang loob ng Diyos, may kaunting pagkakaiba. Ang grasya o biyaya (grace) ay tumutukoy sa pagbibigay ng Diyos sa atin ng mga bagay na hindi naman karapatdapat satin. Sa kabilang banda naman ang habag o awa (mercy) ay ang di-pagbibigay ng mga karapatdapat na ipataw sa atin.

### ENGAGE:

Gamit ang pakahulugan na inilahad sa itaas, tukuyin ang bawat sitwasyon na inilalarawan kung alin ang biyaya (grace) at habag (mercy):

| Konsepto / Sitwasyon | Grace o Mercy? |
|---|---|
| Ang Diyos ay gumawa ng kaparaanan upang tayo'y maging anak Niya. | |
| Ang Diyos ay hindi agad nagpaparusa sa ating kasalanan. | |
| Ang Diyos ay hindi nagbigay ng kaparusahan na nararapat sa atin. | |
| Ang Diyos ay nagbibigay ng kaligtasan | |
| Ang Diyos ay nagbigay ng Espiritu Santo upang tayo'y magkaroon ng lakas at gabay. | |
| Ang Diyos ay naggawad ng kagalingan | |
| Ang Diyos ay nagkaloob ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesus. | |
| Ang Diyos ay nagkaloob ng kapatawaran sa ating kasalanan | |
| Ang Diyos ay nagpakita ng pagtitiis sa kabila ng ating paulit-ulit na pagkakamali. | |
| Hindi tayo pinuksa kahit tayo'y suwail. | |



### ENLIGHTEN:

Ayon sa diksyunaryo, ang habag ay *"pagpapakita ng malasakit o pagpapatawad sa isang tao na nasa kapangyarihan mong parusahan o saktan."* Ito ay nagmumula sa pusong kumikilala sa sariling kakulangan at handang magbigay ng kapatawaran at malasakit sa iba.

Ang pinakadakilang halimbawa ng habag ay ang sakripisyong pag-ibig ni Kristo sa krus. Tulad ng sinabi ni A.W. Tozer: *"Ito ay habag ng Diyos na nagbigay sa atin ng Kalbaryo, hindi Kalbaryo ang nagbigay ng habag."* Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkakapako, at muling pagkabuhay ni Kristo, ipinakita ng Diyos ang pundasyon ng ating pag-unawa at pagpapahayag ng habag.

1. **Mga Pagkakataon na Ipinakita ng Diyos ang Habag:**
   a. Sa Nehemias 9:31, hindi agad pinarusahan ng Diyos ang Israel sa kabila ng paulit-ulit nilang pagsuway. Ipinakita Niya ang pagtitiis at habag, na hindi Niya sila tuluyang nilipol.
   b. Sa Juan 8:10–11, ipinakita ni Jesus ang habag sa babaeng nahuli sa pangangalunya. Sa halip na hatulan, binigyan Niya ng pagkakataon na magbago.
   c. Sa Marcos 1:40–42, kung saan hinipo ni Jesus ang ketongin at agad siyang gumaling. Ang ketong ay sakit na nagdudulot ng paghiwalay sa lipunan, ngunit sa habag ni Jesus, ibinalik ang kanyang kalusugan at dignidad.
   d. Sa Jonas 3:10, makikita rin natin ang habag ng Diyos sa Nineveh. Bagama't nararapat silang parusahan, pinili ng Diyos na huwag silang wasakin nang sila'y magsisi.
   e. Sa Lucas 23:42–43, ipinakita ni Jesus ang habag sa magnanakaw sa krus, nang ipangako Niya ang paraiso sa kanya sa kabila ng kanyang nakaraan.

2. **Mga Katangian ng Habag ni Jesus:**
   a. Mapagpatawad Siya. Sa Mateo 18:21–22, tinuruan Niya ang mga alagad na magpatawad nang paulit-ulit, gaya ng habag ng Diyos sa atin.
   b. Maawain Siya. Sa Mateo 9:36, nang makita Niya ang mga tao, naantig Siya dahil sila'y parang tupang walang pastol.

c. Mapagtitiis Siya. Sa 2 Pedro 3:9, makikita na hindi agad nagdadala ng hatol ang Panginoon, kundi nagbibigay ng panahon para magsisi.
d. Nagbibigay Siya ng pag-asa. Sa Juan 11:25–26, ipinahayag Niya na Siya ang "Muling Pagkabuhay at ang Buhay," na nagbibigay ng pag-asa lampas sa kamatayan.
e. Nagpapakita Siya ng pag-ibig sa mga itinakwil. Sa Lucas 19:10, malinaw na sinabi Niya: "Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang nawala."

**3. Mga Hadlang sa Pagpapakita ng Habag sa Kapwa:**

a. legalismong panrelihiyon
b. hirap sa pagpapatawad
c. pagnanais ng kapangyarihan o pagkilala, at
d. kawalan ng pasasalamat.

**4. Mga Sangkap ng Habag:**

a. Pagpapakumbaba
b. pagdadalamhati sa kasalanan
c. kaamuan sa harap ng Diyos
d. pagkagutom sa katuwiran

**5. Mabubuting Dulot ng Habag:**

a. ang mga relasyon ay naibabalik
b. ang mga sugat ay nahihilom
c. ang makapangyarihang pag-ibig ng Diyos ay nahahayag

**ENACT:**

Basahin ang kwento ng "Ang Aliping Hindi Marunong Magpatawad" sa Mateo 18: 21-35 at sagutin ang mga tanong:

1. Bakit sa iyong palagay na kahit ang alipin ay nakatanggap ng awa mula sa hari ay hindi naman ito natutong magbigay ng awa sa kanyang kapwa?
2. Ayon sa kwento, ano ang kinahihinatnan ng taong hindi marunong maawa?
3. Magbigay ng isang sitwasyon kung saan nahirapan kang magpatawad. Ano ang natutunan mo mula rito?

Mga Sagot:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

PRAYER:

*Panginoong Jesus, salamat po sa Iyong habag na walang hanggan. Salamat dahil nakikita Mo ang aming pangangailangan, kapwa pisikal at espirituwal. Turuan Mo kaming maging daluyan ng Iyong habag sa iba—sa pamamagitan ng pagtulong, pagpapatawad, at pagbabahagi ng Iyong salita. Nawa'y makita ng mundo sa aming buhay ang Iyong pag-ibig na kumikilos. Amen.*

## ARALIN 6: SI JESUS NA NAGPAPAGALING

Mula sa mga naunang aralin, natutunan natin na si Jesus ay nagpapagaling. Isa ito sa mga himalang kaya Nyang gawin. Sa araling ito ay aalamin natin ang iba pang mga aspeto ng ating buhay maliban sa mga pisikal na karamdaman na kaya Nyang pagalangin – ang mga aspetong emosyonal, saykolohikal, at espiritwal.

### ENGAGE:

Sa sesyon na ito ay hinihimok ka na maging bukas sa pag-uusap tungkol sa mga karamdaman at suliranin mo sa buhay. Ibahagi sa klase ang sitwasyon mo na sa tingin mo ay nangangailangan na kagalingan at restorasyon mula sa Panginoon. Huwag limitahan sa mga isyung pisikal, maaari rin ang aspetong emosyonal, saykolohikal, at espiritwal.



### ENLIGHTEN:

Natanong mo na ba ang iyong sarili kung bakit ang "pagpapagaling" ang sentro ng ministeryo ni Kristo? Ang pagpapagaling ay hindi lamang isa sa maraming gawa ni Jesus—**ito ang pangunahing paraan** kung paano Niya ipinakita ang pagdating ng Kaharian ng Diyos, ang Kanyang habag, at ang Kanyang kapangyarihan sa ibabaw ng sakit at kasamaan. Ipinakita Niya ang malasakit sa nagdurusa. Ipinakita Niya ang kapangyarihan laban sa espirituwal na puwersa na nagdudulot ng sakit at gulo. Nasa puso Niya na maibalik tayo sa dati nating disenyo – noong bago pa tayo maging alipin ng pagkakasala. Ganito Niya naipamamalas sa atin ang kanyang *restoring power*. Sundan sa ibaba ang mga halimbawa ng pagpapagaling na ginawa ni Jesus:

1. **Pisikal na Suliraning Pinagaling ni Jesus:**
   a. *Bulag* — Mateo 9:27–31; Marcos 8:22–26; Juan 9:1–7.
   b. *Ketong (leprosy)* — Mateo 8:2–4; Lukas 5:12–14.
   c. *Paralisado / hindi makagalaw* — Mateo 9:1–8; Marcos 2:1–12; Lukas 5:17–26.
   d. *Lagnat* — Mateo 8:14–15; Marcos 1:29–31.
   e. *Matagal na pagdurugo (woman with issue of blood)* — Mateo 9:20–22; Marcos 5:25–34; Lukas 8:43–48.
   f. *Bingi at may hadlang sa pagsasalita* — Marcos 7:31–37; Mateo 9:32–33.
   g. *Mga pag-atake na tila epilepsy / malubhang pisikal na panginginig*— Mateo 17:14–21; Marcos 9:14–29; Lukas 9:37–43.
   h. *Binuhay ang mga patay* — Lukas 7:11–17; Marcos 5:35–43; Juan 11:1–44.

   Ano man ang ating pisikal na sakit, simple o malubha man ito ay pagagalingin ni Jesus tulad ng sinabi ni Isaias sa 53:5 na "Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap". Ang dugong dumaloy sa kanyang mga sugat ang magpapagaling sa ating mga pisikal na karamdaman.

2. **Emosyonal na Suliraning Pinagaling ni Jesus:**
   a. *Depresyon, kalungkutan at pagdadalamhati* — (hal. ang binuhay na anak ng balo sa Nain; Lukas 7:11–17); ipinakita Niya ang habag at pag-aliw.
   b. *Pagod at pagkaubos ng loob* — inanyayahan Niya ang mga pagod at mabibigat ang pasan na lumapit sa Kanya at inalok ng pahinga (Mateo 11:28–30).

c. *Anxiety o pagkabalisa at takot* — pinatahimik Niya ang bagyo at pinawi ang takot ng mga alagad (Marcos 4:35–41).
d. *Anti-social o pag-iisa at panlipunang paglayo* — lumapit Siya sa mga pinagtatabuyan at nagbigay ng pakikipag-ugnay at pag-asa (mga pagpapagaling at pakikitungo sa mga maralita at may sakit sa Ebanghelyo).
e. *Pagduruda at kawalan ng kapayapaan ng puso* — ipinangako Niya ang Kanyang kapayapaan na iba sa mundo (Juan 14:27).

Sa pamamagitn ng dugong dumanak sa Kanyang pusong sumabog ang magpapagaling sa mga suliranin nating pang-emosyonal.

**3. Saykolohikal na Suliraning Pinagaling ni Jesus:**

a. *Mga demoniac na nagpakita ng delusyon, karahasan, o pagkabaliw* — (hal. demoniac sa Gerasa/Gadarenes; Marcos 5:1–20; Lukas 8:26–39) — nagbalik sa normal ang pag-iisip at pag-uugali.
b. *Matinding takot at pagkagulo ng isip na nagdudulot ng panlipunang paglayo* — maraming pagpapalayas ng demonyo at pagpapagaling na nag-restore ng relasyon at pag-iisip.

Sa pamamagitan ng dugong dumanak sa Kanyang ulo nang putungan sya ng koronang tinik ang magpapagaling sa mga suliranin nating pang-saykolohikal.

**4. Espiritwal na Suliraning Pinagaling ni Jesus:**

a. *Kasalanan at espirituwal na pagkakahiwalay* — ipinahayag Niya ang kapangyarihan na magpatawad ng kasalanan (hal. paralytic: “Anak, pinatawad na ang iyong mga kasalanan”; Marcos 2:5–12; Lukas 5:20–26).
b. *Espirituwal na pagkaalipin sa demonyo* — pagpapalayas ng mga demonyo bilang paglaya mula sa espirituwal na pagkaalipin (Marcos 1:23–34; Marcos 5:1–20).
c. *Ritwal na karumihan at pagbabalik sa komunidad* — pagpapagaling ng ketongin at pagbalik sa ritwal na kalinisan (Mateo 8:2–4; Lukas 17:11–19).
d. *Kawalan ng pananampalataya at espirituwal na pagkabagot* — pagtawag Niya sa tao na manampalataya at magbagong-buhay; nagbigay Siya ng bagong pag-asa at bagong buhay (Juan 3:3–8; Juan 14:6).

**Paano tayo Makalalaya at Makatatanggap ng Kagalingan?**

1. *Kilalanin* ang ginawang sakripisyo ni Jesus sa krus ng kalbaryo
2. *Maniwala* na ang dugo nyang dumanak ang magpapagaling sa lahat ng ating mga karamdaman – pisikal, emosyonal, saykolohikal, at espiritwal.
3. *Tanggapin* ang iyong kagalingan.

**ENACT:**

Taimtim na magmuni-muni at alalahanin ang lahat ng mga karamdaman at suliraning ibinahagi kanina sa ENGAGE. I-apply ang natutunan sa ENLIGHTEN upang makalaya at gumaling mula sa mga ito.

PRAYER:

*Panginoon, nagpapasalamat kami sa Iyong Anak na si Jesus na nagpakita ng habag sa mga may sakit, nagbigay ng kapayapaan sa mga nagdurusa, at nagpalaya sa mga alipin ng kasalanan. Salamat sa Kanyang ministeryo ng pagpapagaling na nagpatunay ng Iyong pagmamahal at kapangyarihan.*

*Panginoon, hipuin Mo rin ang aming mga puso at isipan. Pagalingin Mo ang aming mga sugat—pisikal, emosyonal, sikolohikal, at espirituwal. Turuan Mo kaming magtiwala sa Iyo sa lahat ng oras, at maging kasangkapan ng Iyong kagalingan sa aming kapwa.*

*Nawa'y ang aming buhay ay maging patotoo ng Iyong kabutihan, at ang aming mga salita at gawa ay magdala ng pag-asa at kaligtasan sa iba.*

*Sa pangalan ni Jesus, aming Manggagamot at Tagapagligtas, kami'y nananalangin. Amen.*





## ARALIN 7: ANG PASYON NI JESUS

Ang salitang "Pasyon" ay mula sa Latin na *passio* na nangangahulugang "pagdurusa." Sa tradisyon ng pananampalatayang Kristiyano, ito ay tumutukoy sa huling yugto ng buhay ni Jesus—mula sa Kanyang paghihirap sa Getsemani hanggang sa Kanyang kamatayan sa krus. Ang Pasyon ay hindi lamang kwento ng sakit at pagdurusa, kundi kwento ng **pag-ibig, sakripisyo, at kaligtasan.** Sundan sa araling ito ang kanyang mga pinagdaanan upang humangang muli sa kanyang mga gawa.

### ENGAGE:

Gamit ang  sinabi ni Pablo sa Galacia 2:20 — "Ako'y ipinako na kasama ni Kristo, at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin", ipaliwanag ang ibig sabihin nito para sa'yo. Paano mo maipakikita na ikaw nga ay "naipako" na.

### ENLIGHTEN:

Sa krusipiksyon, ipinakita ni Jesus ang ganap na pagsunod sa kalooban ng Ama at ang walang hanggang pag-ibig para sa sangkatauhan. Kaya ang pag-aaral ng Pasyon ay mahalaga, sapagkat dito natin nauunawaan ang lalim ng

sakripisyo ni Kristo at ang kahulugan ng krus bilang sentro ng ating pananampalataya. Narito ang halaga ng bawat pinagdaanan ni Jesus:

**1. Ang Huling Hapunan (Last Supper)**
Mateo 26:26–29
Sa gabing iyon, si Jesus ay nagbahagi ng tinapay at alak bilang tanda ng Kanyang katawan at dugo.
Itinatag Niya ang **bagong tipan ng kaligtasan**, na nagpapakita ng Kanyang kusang-loob na sakripisyo para sa lahat. Ang simpleng hapunan ay naging makapangyarihang simbolo ng pag-ibig at pagtubos.

**2. Ang Panalangin sa Hardin ng Getsemani**
Mateo 26:36–46; Lukas 22:39–46
Si Jesus ay nanalangin nang may matinding paghihirap, pawis na parang dugo, at nagsabi ng "huwag ang aking kalooban kundi ang Iyo."
Ipinakita Niya ang **ganap na pagsunod** sa Ama kahit sa gitna ng takot. Ang Getsemani ay larawan ng tunay na pakikipaglaban ng puso at isip upang sundin ang Diyos.

**3. Ang Pagdakip at Pagpapasakit (Arrest and Trial)**
Mateo 26:47–68; Juan 18
Si Judas ay nagkanulo, at si Jesus ay dinala sa mga pinuno ng relihiyon upang litisin nang walang hustisya.
Ipinakita nito ang kawalan ng katarungan ng tao, ngunit tinanggap ni Jesus ang lahat bilang bahagi ng plano ng Diyos. Ang Kanyang katahimikan ay tanda ng Kanyang **pagtitiwala sa Ama**.

**4. Ang Pagpapahirap at Pagdadala ng Krus**
Mateo 27:27–32; Juan 19:1–17
Siya ay hinagupit, nilibak, at pinapasan ang mabigat na krus patungo sa Golgotha.
Ipinakita Niya ang kabuuang sakripisyo ng katawan at dignidad para sa kaligtasan ng tao. Ang bawat hakbang ay larawan ng Kanyang **pag-ibig na handang magdusa** para sa atin.

**5. Ang Pagpako sa Krus at Huling Hininga**
Juan 19:30; Lukas 23:44–46
Ipinako Siya sa krus, nagsalita ng pitong huling salita, at sumigaw ng "Naganap na!"
Dito natupad ang plano ng kaligtasan; ang Kanyang kamatayan ang naging **kabayaran sa kasalanan.** Ang krus ay naging simbolo ng tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan.

**ENACT:**

*"Nail it to the Cross"*

- Kumuha ng maliliit na papel.
- Isulat ang mga kasalanan, takot, o pasanin na nais mong ipako sa krus.
- Ilagay ang mga papel sa kahoy na krus o board bilang simbolo ng pag-alay kay Jesus.

PRAYER:

*Panginoon, nagpapasalamat kami sa krus ni Jesus, kung saan ipinakita Mo ang Iyong walang hanggang pag-ibig at sakripisyo. Sa Kanyang dugo, kami ay napatawad; sa Kanyang kamatayan, kami ay naligtas; at sa Kanyang tagumpay, kami ay nagkaroon ng bagong buhay. Tulungan Mo kaming pasanin ang aming sariling krus araw-araw, at ipamuhay ang pananampalataya na may tapang at pag-ibig. Sa pangalan ni Jesus, Amen.*

## ARALIN 8: ANG PITONG HULING SALITA NI JESUS

Ang Mahal na Araw nating mga Kristyano ay hindi kumpleto kung walang "Syete Palabras" kung saan ay inaalala natin ang huling pitong salitang sinabi ni Jesus bago sya nalagutan ng hininga. Dahil naniniwala tayo na ang mga huling sinabi o habilin ng isang taong pupunta sa malayong lugar ay napakahalaga, ganun ang dapat na pagpapahalaga na ibigay natin sa Kanyang mga huling winika. Marapat lamang na ituring itong Pitong Wika ng Tagumpay. Kaya sa araling ito, sisiyasatin natin ang pitong huling salita ni Jesus upang maunawaan ang kanilang kahulugan at maangkin ang mga pangako ng kaligtasan na nakapaloob dito.

### ENGAGE:

Alamin ang ibig sabihin ng mga idioma sa ibaba. Pwedeng mag-interview o magtanong tanong upang malaman ang ibig sabihin nito. Patutunayan natin na may malalalim na ibig sabihin ang ating mga sinasabi:

| Idioma | Ibig Sabihin |
|---|---|
| Matalim mag**salita** | |
| Walang isang **salita** | |
| Mag**dilang** anghel | |
| Matamis ang **dila** | |
| May dalawang **dila** | |

### ENLIGHTEN:

Ang Diyos ay lumikha ng sanlibutan sa pamamagitan ng Kanyang Salita, kaya't napakahalaga na bigyang-pansin natin ang mga salita na binitawan ni Jesus sa krus. Ang mga huling salita ng isang tao ay karaniwang naglalaman ng pinakamalalim na damdamin at pinakamahalagang mensahe, kaya't lalo na nating dapat pahalagahan ang mga huling salita ng ating Panginoon. Bawat salita Niya ay hindi lamang pahayag ng paghihirap, kundi **tagumpay para sa atin**—sapagkat sa tuwing nagsasalita ang Diyos, ang mga bagay na wala ay nagiging mayroon.

1. **Ang Salita ng Pagpapatawad**
   - "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." (*Lukas 23:34*)
   - Sa krus, ipinakita ni Jesus ang kapatawaran na walang hanggan—kahit sa mga taong nanakit at pumatay sa Kanya. Ang Kanyang salita ay nagbukas ng pintuan ng kagalingan sa ating puso, sapagkat ang tunay na pag-ibig ay marunong magpatawad. Bagama't mahirap isipin na magpatawad sa gitna ng pagkakanulo at sakit, tinuruan Niya tayo na ang kapatawaran ay hindi dahil karapat-dapat ang tao, kundi dahil Siya ay mahabagin. Kapag tayo'y nagpapatawad, natatamo natin ang kalayaan at kagalingan na dulot ng Kanyang salita.

2. **Ang Salita ng Imbitasyon o Paanyaya**
   - "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ngayon ay kakasama kita sa Paraiso." (Lukas 23:43)
   - Sa krus, ipinangako ni Jesus sa magnanakaw na nanampalataya na siya'y makakasama sa Paraiso—isang paalala na simula pa lamang, nais ng Diyos na ang tao ay manirahan sa Kanyang presensya. Ang pangakong ito ay hindi para bukas o sa hinaharap, kundi ngayon—nagbibigay ng katiyakan ng kaligtasan sa sinumang sumasampalataya. Ipinapakita nito na ang krus ay hindi huling hantungan, kundi daan patungo sa buhay na ganap at walang hanggan. Sa Paraiso, wala nang sakit, takot, o kakulangan; naroon ang kapunuan ng buhay na ipinangako ni Kristo.

3. **Ang Salita ng Restorasyon o Pagbabalik**
    - "Babae, narito ang iyong anak… Narito ang iyong ina." (Juan 19:25–27)
    - Sa krus, ipinagkatiwala ni Jesus ang Kanyang ina kay Juan, na tanda ng pamilya at komunidad na muling ibinabalik sa pagkakaisa. Ipinakita Niya na hindi plano ng Diyos ang pagkawatak-watak ng pamilya, kundi ang pag-ibig na nagbubuklod. Ang Kanyang salita ay naglalabas ng kapangyarihan ng **restorasyon,** na nagbabalik ng ugnayan ng magulang at anak, at nagtatanggal ng maling kaisipan na may "black sheep" o hindi na maaayos na relasyon. Tulad ng hula sa Malakias 4:6, ang puso ng mga ama ay muling ibabalik sa kanilang mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama. Sa krus, nagsimula ang bagong pananaw: ang pamilya ay lugar ng kagalingan at pag-ibig.

4. **Ang Salita ng Pagtanggap**
    - "Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan?" (Mateo 27:46)
    - Sa sandaling ito, si Jesus ay nagsalita sa wikang Aramaic—ang wika ng Kanyang pagkabata—na nagpapakita ng lalim ng Kanyang sakit at pagdurusa. Iniwan Siya ng mga disipulo, ng lipunan, at sa pinakamabigat na sandali, ang Ama ay tumalikod dahil sa bigat ng ating kasalanan. Ngunit sa Kanyang pagtanggap ng pag-abandona, tiniyak Niya na tayo ay hindi na muling maiiwan, sapagkat Siya ang naging kapalit para sa ating pagtanggap. Ang mensahe ay malinaw: Siya ay tinanggihan upang tayo ay tanggapin ng Diyos nang walang kondisyon.

5. **Ang Salita ng Pag-ibig**
    - "Ako'y nauuhaw." (Juan 19:28)
    - Ang uhaw ni Jesus ay higit pa sa pisikal na pangangailangan—ito ay pagkauhaw sa kaligtasan ng mga nawawala. Hindi Niya matanggap na tayo'y manatiling hiwalay sa ating tunay na destinasyon sa Diyos. Tumanggi Siya sa maasim na alak upang maranasan nang buo ang sakit, bilang tanda ng Kanyang matinding pag-ibig sa atin. Ang Kanyang uhaw ay paanyaya din na mahalin at ibahagi ang pag-ibig na ito sa ating pamilya, kaibigan, at kapwa. Sa krus, ipinakita Niya na tayo ang Kanyang pinakahahangad, at ang Kanyang pag-ibig ay hindi kailanman mauuhaw.

6. **Ang Salita ng Tagumpay**
    - "Naganap na!" (Juan 19:30)
    - Sa sandaling iyon, ipinahayag ni Jesus ang tetelestai—tapos na ang gawain ng kaligtasan. Lahat ng sumpa, sakit, at kasalanan ay ipinako na sa krus, at ang kapangyarihan ng kaaway ay natalo. Ang Kanyang tagumpay ay kabuuan, hindi kalahati; kaya't tayo ay kumpleto na sa Kanya. Tulad ng sinasabi sa Colosas 2:14–15, pinawi Niya ang lahat ng kasalanan at inilantad ang mga kapangyarihan ng kadiliman sa pamamagitan ng Kanyang krus. Ang mensahe ay malinaw: tayo ay bahagi ng pamilya ng mga taong nagtatagumpay dahil sa ginawa ni Kristo.

7. **Ang Salita ng Pag-asa**
    - "Ama, sa iyong mga kamay ay ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu." (Lukas 23:44–46)
    - Sa sandaling ito, bumalot ang dilim sa buong lupain at napunit ang kurtina sa templo—tanda na ang daan patungo sa Diyos ay bukas na para sa lahat. Ang huling sigaw ni Jesus ay hindi desperasyon, kundi pagtitiwala at pag-asa sa Ama. Ipinakita Niya na anumang mangyari, maaari tayong lumapit sa Diyos nang may kapanatagan. Ang krus ay naging pintuan ng pag-asa: hangga't may pag-asa, may buhay, at may pagkakataon tayong makalapit sa Kanya anumang oras.

Alam natin kung gaano kahirap ang mapako sa krus. Maaari namang hindi na nagsalita si Jesus, ngunit pinili Niyang bigkasin ang mga salitang iyon upang

ipahayag ang kapatawaran, paanyaya, pagbabalik, pagtanggap, pag-ibig, tagumpay, at pag-asa sa ating buhay.

**ENACT:**

Alin sa mga huling salita ni Jesus ang tumimo sa iyong puso at bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

PRAYER:

*Ama naming Diyos, nagpapasalamat kami sa aralin na aming natutunan tungkol sa Pitong Huling Salita ni Jesus. Sa bawat salita, nakita namin ang kapatawaran, pag-asa, pagmamahal, tagumpay, at pagtitiwala na ibinigay ng Iyong Anak sa gitna ng Kanyang pagdurusa. Tulungan Mo kaming isabuhay ang mga salitang ito sa aming araw-araw na buhay—na magpatawad sa aming kapwa, magbigay ng pag-asa, magmahal nang walang kondisyon, at magtiwala sa Iyo nang buo. Nawa'y ang krus ay manatiling paalala ng Iyong walang hanggang pag-ibig at kaligtasan. Sa pangalan ni Jesus, aming Tagapagligtas, Amen.*





## ARALIN 9: ANG RESUREKSYON NI JESUS

Ang krus ay tanda ng sakripisyo, ngunit ang muling pagkabuhay ni Jesus ang tanda ng tagumpay at bagong simula. Kung si Jesus ay nanatili sa libingan, wala tayong pag-asa. Ngunit dahil Siya ay nabuhay muli, tayo ay binigyan ng bagong pagkakakilanlan bilang mga anak ng Diyos. Ano nga ba ang mga kapangyarihang naibigay sa atin ng muling pagkabuhay ni Jesus? Yan ang ating hantungan sa aralin na ito.

**ENGAGE:**

Mula sa talata ng Juan 12:24 na "Pakatandaan ninyo: hangga't hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito'y mamatay, mamumunga ito nang sagana."

2. Bakit ang salitang "mamatay" ang ginamit na salita upang ilarawan ang akto ng pagtatanim sa trigo?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Ano ang ibig sabihin ng "mamumunga ito nang Sagana"?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Paano mo maihahalintulad ang trigo sa tao ayon sa talatang ito?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

Tulad ng sinasabi sa *2 Corinto 5:17*, *Kaya't kung nakipag-isa na kay Kristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago*. Tingnan natin kung paano nagiging totoo ito sa ating buhay sa pamamagitan ng limang kapangyarihan na ibinigay satin ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang resureksyon:

**1. Bagong Nilalang (Galacia 2:20)**

Si Pablo ay nagsabi: *"Ako'y nabubuhay na hindi na ako, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin."* Ang resureksyon ay nagbibigay sa atin ng bagong pagkatao—hindi na tayo alipin ng kasalanan kundi **anak ng Diyos**. Ang dating pagkakakilanlan natin ay nailibing na kasama ni Kristo. Ang bagong buhay ay hindi nakabatay sa ating sariling lakas, kundi sa kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay. Kaya't ang ating pagkatao ngayon ay nakaugat sa Kanya, at Siya ang nagbibigay saysay sa ating buhay.

**2. Paglipas ng Lumang Buhay (Roma 6:4)**

Sabi ni Pablo: *"Tayo'y inilibing na kasama Niya… upang tayo'y makapamuhay sa isang bagong buhay."* Ang lumang buhay na puno ng kasalanan, kahinaan, at pagkakamali ay wala nang kapangyarihan sa atin. Tulad ng binyag, tayo ay inilibing sa tubig bilang tanda ng **pagpanaw ng lumang pagkatao**. Sa pagbangon mula sa tubig, ipinapakita ang bagong simula na ibinigay ni Kristo. Ang resureksyon ay nagpapaalala na hindi na tayo dapat bumalik sa lumang buhay, kundi mamuhay sa kalayaan.

**3. Pagbangon sa Bagong Simula (Juan 11:25)**

Sinabi ni Jesus: *"Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay."* Ang Kanyang resureksyon ay paanyaya sa atin na magsimula muli, kahit gaano pa kabigat ang ating nakaraan. Walang kasalanan o pagkakamali na mas malaki kaysa sa Kanyang kapangyarihan. Ang bagong simula ay nangangahulugang may **pag-asa para sa lahat**, kahit sa mga nawawalan ng direksyon. Dahil buhay si Kristo, may bagong bukas para sa atin.

**4. Kapangyarihan ng Pagbabago (Efeso 4:22–24)**

Sabi ni Pablo: *"Isuot ninyo ang bagong pagkatao na nilikha ayon sa kalooban ng Diyos."* Ang resureksyon ay nagbibigay ng lakas upang hubarin ang "lumang pagkatao" at isuot ang "bagong pagkatao." Ang pagbabago ay hindi lamang panlabas kundi panloob—**pusong binago ng Espiritu**. Ang dating ugali at maling kaisipan ay napapalitan ng katuwiran at kabanalan. Ito ang kapangyarihan ng resureksyon na gumagawa ng tunay na pagbabago sa ating buhay.

**5. Pamumuhay sa Tagumpay (1 Corinto 15:57)**

Sabi ng Kasulatan: *"Ngunit salamat sa Diyos! Sa pamamagitan ni Jesu-Kristo, binigyan Niya tayo ng tagumpay."* Ang resureksyon ay garantiya na ang **kamatayan at kasalanan ay natalo na**. Hindi na tayo alipin ng takot, kundi mamumuhay sa tagumpay. Ang tagumpay na ito ay hindi panalo sa mundo, kundi panalo laban sa kapangyarihan ng kadiliman. Dahil buhay si Kristo, tayo ay bahagi ng pamilya ng mga nagtatagumpay.

**ENACT:**

Gamit ang table sa ibaba, itala ang mga bagay at aspeto ng buhay mo na binago n ani Jesus at ang iba pang gusto mong ipabago pa:

| Binago at Patuloy na Binababago ni Jesus | Ipababago pa kay Jesus |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

PRAYER:

*Ama naming Diyos, nagpapasalamat kami sa muling pagkabuhay ng Iyong Anak na si Jesus. Dahil sa Kanyang tagumpay, kami ay binigyan ng bagong buhay, bagong pag-asa, at bagong simula. Tulungan Mo kaming isabuhay ang aming pagkakakilanlan bilang mga bagong nilalang—na puno ng pag-ibig, kapatawaran, at tagumpay. Nawa'y ang aming buhay ay maging patotoo ng kapangyarihan ng resureksyon. Sa pangalan ni Jesus, Amen.*





## ARALIN 10: ANG ASENSYON NI JESUS

Makalipas ang 40 na araw mula nang muling mabuhay si Jesus sya ay umakyat sa langit. Ito ay inilarawan sa mga huling talata sa Mga Gawa 1:9 - *Pagkasabi nito, si Jesus ay iniakyat sa langit habang ang mga alagad ay nakatingin sa kanya, at natakpan siya ng ulap*. Asensyonn din ang tawag dito. Bakit nga ba ginawa ito ni Jesus? Alamin yan sa araling ito.

**ENGAGE:**

Narito ang talaan ng mga lider sa bibliya, tukuyin ang mga nagpatuloy ng kanilang mga sinimulan. At sagutin ang tanong na: "Bakit mahalaga ang pagpapatuloy ng isang Gawain?"

| Mga Lider | Nagpatuloy ng Sinimulan |
|---|---|
| Moises | |
| Elias | |
| Pablo | |
| Timoteo | |
| Jesus | |

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

Isipin mo ang isang lider na matapos magtagumpay sa kanyang misyon, ay hindi basta-basta nagpaalam, kundi iniwanan ang kanyang mga tagasunod ng lakas, direksyon, at pag-asa. Ganyan ang ginawa ni Jesus sa Asensyon. Hindi ito simpleng "pag-alis," kundi isang makapangyarihang deklarasyon: *"Tapos na ang gawain ng kaligtasan, ngayon kayo naman ang magpapatuloy."* Ang

Asensyon ay hindi pagtatapos, kundi simula ng bagong yugto kung saan tayo ay binigyan ng tiwala, kapangyarihan, at pag-asa.

Narito ang dahilan ng pagbalik ni Jesus sa Diyos Ama:

**1. Natapos ang Misyon ni Jesus**

Sa krus, sinabi Niya: *"Naganap na"* (Juan 19:30). Ang lahat ng plano ng Diyos para sa kaligtasan ay natupad na. Ang Asensyon ay tanda na tapos na ang Kanyang gawain sa lupa at Siya ay bumalik sa kaluwalhatian ng Ama. Nakaka-encourage ito dahil hindi na natin kailangang magdagdag pa ng sariling gawa para sa kaligtasan — sapat na ang ginawa ni Kristo. Ang ating pananampalataya ay nakabatay sa natapos na misyon, kaya't may katiyakan tayo sa ating kaligtasan.

**2. Ibinigay ang Kapangyarihan**

Bago Siya umakyat, nangako Siya ng Banal na Espiritu: *"Tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag bumaba sa inyo ang Espiritu Santo"* (Gawa 1:8). Hindi iniwan ni Jesus ang mga alagad nang walang lakas; binigyan Niya sila ng empowerment upang magpatuloy. Nakaka-encourage ito dahil kahit mahina tayo, ang Espiritu Santo ang nagbibigay ng tapang, karunungan, at lakas. Ang kapangyarihan ng Diyos ay nasa atin, kaya't hindi tayo nag-iisa sa misyon.

**3. Ipinagkatiwala ang Misyon**

Ang utos ay malinaw: *"Kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng lupa"* (Gawa 1:8). Ang mga alagad ay hindi lang tagasunod, sila ay naging mga saksi at tagapagpatuloy ng misyon. Nakaka-encourage ito dahil bawat isa sa atin ay may papel sa plano ng Diyos. Hindi tayo spectator lamang; tayo ay aktibong kalahok sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Ang ating buhay ay nagiging patotoo ng pag-ibig ni Kristo.

**4. May Katiyakang Pag-asa**

Ang mga anghel ay nagsabi: *"Ang Jesus na ito na umakyat sa langit ay babalik din sa parehong paraan"* (Gawa 1:11). Ang Asensyon ay paalala na si Jesus ay muling darating. Nakaka-encourage ito dahil anumang hirap ang maranasan natin ngayon, may katiyakan na darating ang araw ng Kanyang pagbabalik. Ang ating pag-asa ay hindi hungkag, kundi nakabatay sa pangako ng Diyos na tiyak na tutuparin.

**5. Ibinigay ang Tiwala (Trust Bestowed)**

Ang Asensyon ay hindi lamang pag-alis, kundi pagpapakita ng tiwala. Iniwan ni Jesus ang Kanyang misyon sa mga ordinaryong alagad, tanda na naniniwala Siya na kaya nilang ipagpatuloy ito. *"Kaya't humayo kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa…"* (Mateo 28:19–20). Nakaka-encourage ito dahil ipinapakita na may halaga tayo sa mata ng Diyos. Pinagkakatiwalaan Niya tayo na maging Kanyang mga kamay at paa sa mundo. Ang tiwala na ito ay hindi nakabatay sa ating galing, kundi sa Kanyang presensya at kapangyarihan na laging kasama natin.

**ENACT:**

Kung si Jesus ay nagbigay ng tiwala sa iyo na ipagpatuloy ang Kanyang misyon, ano ang isang konkretong hakbang na gagawin mo ngayong linggo upang maging saksi Niya?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

PRAYER:

*Panginoong Jesus, salamat po sa Iyong Asensyon na nagbigay sa amin ng katiyakan na natapos na ang gawain ng kaligtasan. Salamat din sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na patuloy na gumagabay at nagpapalakas sa amin. Pinagkatiwalaan Mo kami na maging Iyong mga saksi, kaya't tulungan Mo kaming maging tapat sa aming misyon sa eskwela, sa pamilya, at sa komunidad. Punuin Mo kami ng pag-asa sa Iyong muling pagbabalik, at ng tapang upang ipagpatuloy ang Iyong gawain. Sa pangalan ni Jesus, Amen.*

## Binabati Kita!

*"Salamat sa iyong tiyaga at sikap na matapos nang matagumpay ang gawaing ito. Ipagpatuloy mo ang iyong magandang sinimulan! Ikaw ngayon ay handa na para sa **LAGO 2 LESSONS.** Binabati kita!"*



*Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Kristo. – Filipos 1:6*

## CAOCMI VISION:

*Reaching out nations, making disciples.*

## CAOCMI MISSION & CORE VALUES:

We are a…
***C****hrist-centered Church with*
***A****nointed Servants who are*
***O****bedient to the Word, forming*
***C****hrist-like Disciples, and working on*
***M****issionary Movements to*
***I****mpact this generation and the next.*

# Contact Us:

facebook.com/CAOCMI
cacominational@gmail.com
(+6346) 412 2450